REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Original given to De Mesa family

**KAPASIYAHAN BILANG 92-02**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG LAHAT NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING PANGALAWANG PUNONGBAYAN KGG. DANTE DE MESA.**

******************************************************************

**SAPAGKAT,** bilang dating Pangalawang Punongbayan ng Muntinlupa ay naipagkaloob niya ang isang maayos, tapat, at dalisay na pamamalakad at panunungkulan sa Pamahalaang Bayan upang mapabuti at maitaas ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** ang dating Pangalawang Punongbayan Kgg. Dante De Mesa ay hindi lamang magaling at mabuting lingkod ng bayan kundi isa ring ulirang asawa at ama ng tahanan, mabuting anak ng kanyang mga magulang at mahusay na kaibigan ninuman;

**SAPAGKAT,** ang kanyang matapat at masipag na paglilingkod ay karapat-dapat lang bigyan ng pagpapahalaga't pagkilala dahil siya'y nagsisilbing huwaran ng isang tunay na lingkod ng bayan;

**SAPAGKAT,** maging sa pagbabalik niya sa pribadong buhay ay di pa rin siya nakalimot na maglingkod sa kanyang mga kababayan lalo na ang mga kapos-palad na lubos niyang pinahahalagahan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sanggguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahang na magkaloob ng kanilang taos-pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila at mahal sa buhay ng dating Pangalawang Punongbayan, Kgg. Dante De Mesa at bilang panghuling paggalang ay pinagkaisahan ng buong kapulungan na mag-alay ng bulaklak at sumama sa mga naulila sa paghahatid sa huling hantungan ng magiting na Pangalawang Punongbayan.

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na basahin ang kapasiyahang ito ng Kalihim ng Sangguniang Bayan at pati na rin ang pagbibigay ng sipi nitong kapasiyahan sa mga naulila.

**PINAGTIBAY** ng buong pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila, ngayong ika-13 ng Hunyo, 1992 sa kanilang ikalawang regular na pulong na ginanap sa Session Hall, People's Center, Bayan ng Muntinlupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**MGA NAGPANUKALA**

KGG. ROGER C. SMITH
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ARTURO S. BUNYI
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. VICENTE Y. CHUA

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.

PINATUNAYANG TOTOO AT WASTO :

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pangalawang Punongbayan/**
**Pangulong Opisyal**

PINATOTOHANAN :

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

PINAGTIBAY :

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**